Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

# Paggamit ng mga Dagli ni Eros at Alia Bilang Lunsaran sa Pagpapaunlad ng Kritikal na Pag-iisip ng mga Mag-aaral

Marvin Mercado [1], Apolonio M. Fababaer EdD [1]
1 – Golden Gate Colleges: Batangas City High School for the Arts
marvin.mercado001@deped.gov.ph

Publication Date: July 7, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.21244531**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa " Paggamit ng mga Dagli ni Eros Atalia Bilang Lunsaran sa Pagpapaunlad ng Kritikal na Pag-iisip ng mga Mag-aaral". Sa konteksto ng makabagong edukasyon, kinikilala ang pangangailangang lampasan ang payak na pag-unawa tungo sa mas mataas na antas ng pagsusuri, interpretasyon, at pagtataya ng mga tekstong pampanitikan. Batay sa mga ulat tulad ng PISA 2022, nananatiling hamon ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malalim na pagbasa at pag-unawa, kaya't kinakailangan ang mga estratehiyang angkop sa kanilang interes at kakayahan.

Ang mga respondente sa pag-aaral ay binubuo ng animnaput walong (68) na mag-aaral sa Baitang 9 at 10 sa naturang paaralan na dumaan sa random sampling. Gayundin, ginamit ang talatanungan upang makakalap ng datos at ginamit naman ang deskriptiv-ebaluwatib na pamamaraan ng pananaliksik sapagkat hindi lamang nagtatapos sa pagsasagawa ng talahanayan ng mga datos kundi ganoon din ay paglalarawan sa mga kahulugan ng datos.

Napatunayan sa pag-aaral na mahusay ang antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa mga isyung panlipunan. Malaki ang epekto ng mga babasahing dagli sa pagsusuri sapagkat ito ay maikli lamang ay naiiwasan ang pagkabagot ng mga mag-aaral. Gayunpaman, may hamon sa kakulangan ng angkop na materyales para sa kontekstong pampanitikan. Bilang tugon, nakabuo ng supplementaryong kagamitan upang mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto at mas malinang pa sa mataas na lebel ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Inirekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod: una, gamitin ang dagli bilang regular na lunsaran sa talakayan at isama ito sa bawat aralin upang masanay ang mga mag-aaral sa pagsusuri at kritikal na pag-iisip; ikalawa, magbigay ng gabay na tanong na nakatuon sa mas mataas na antas ng pag-iisip at umamit ng mga tanong na nangangailangan ng pagsusuri, paghahambing, at pagbibigay-opinyon; ikatlo, iangkop ang mga dagli sa antas at interes ng mga mag-aaral at pumili ng mga paksang relatable upang mas maging makabuluhan ang pagkatuto; ikaapat, gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo at magbigay ng malinaw na rubriks sa pagtataya upang masukat ang antas ng kritikal na pag-iisip; ikalima, maaaring magsagawa ng mga susunod pang pag-aaral upang mapagtibay ang naging resulta ng isinagawang papel; at ikaanim, gamitin ang nabuong awtput sa pananaliksik na ito.

**Mga susing-salita:** *Dagli, Kritikal na Pag-iisip, Lunsaran, Isyung panlipunan*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

# INTRODUKSYON

Sa gitna ng mabilis na pagbabago ng modernong panahon, nahaharap ang edukasyon sa hamon ng paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Hindi na sapat ang simpleng pag-unawa sa teksto; kinakailangan ang masusing pagsusuri, interpretasyon, at pag-uugnay ng ideya sa mga umiiral na realidad sa lipunan. Ito ang itinataguyod ng K-12 Kurikulum sa asignaturang Filipino, kung saan binibigyang-diin ang kakayahan sa mas mataas na antas ng pag-iisip.

Gayunpaman, ipinapakita ng datos mula sa PISA 2022 na nananatiling suliranin ang reading comprehension ng mga mag-aaral, lalo na sa mga tekstong nangangailangan ng malalim na pagsusuri. Ipinahihiwatig nito na may kakulangan sa mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo na epektibong humuhubog sa mapanuring pag-iisip ng mga kabataan.

Bilang tugon, iminungkahi ang paggamit ng dagli bilang isang makabagong lunsaran sa pagtuturo. Ang dagli ay isang maikling anyo ng panitikan na gumagamit ng matipid ngunit makapangyarihang wika. Dahil sa pagiging maikli ngunit makahulugan, nagiging angkop ito sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral sa kasalukuyang henerasyon.

Mahalaga ang papel ng mga pahiwatig at bukas na wakas sa dagli sapagkat hinihikayat nito ang mambabasa na magsuri, maghinuha, at bumuo ng sariling interpretasyon. Sa ganitong paraan, nagiging aktibo ang pagkatuto at napauunlad ang kasanayan sa pagsusuri at pagtataya—mga mahalagang sangkap ng Higher Order Thinking Skills.

Pinatitingkad pa ito sa mga akda ni Eros Atalia na kilala sa paggamit ng twist at masalimuot na pahiwatig. Ang kaniyang mga akda ay hindi lamang nagkukuwento kundi naglalantad din ng mga suliraning panlipunan, kaya't napipilitan ang mga mag-aaral na mag-isip nang mas malalim upang maunawaan ang di-tuwirang mensahe ng teksto.

Kaakibat nito, sinusuportahan ng mga legal na batayan tulad ng 1987 Konstitusyon at Republic Act 10533 ang pagpapahalaga sa panitikan bilang daluyan ng kritikal at malikhaing pag-iisip. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa dagli, natutupad ang layuning ito sapagkat nagiging daan ito upang tuklasin ang mga isyung panlipunan at hindi lamang tanggapin ang teksto sa literal na antas.

Sa kabuuan, ang paggamit ng dagli bilang lunsaran sa pagtuturo ay isang makabuluhang hakbang upang mapunan ang kakulangan sa kontekstwalisadong materyales at mapaunlad ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, ang panitikan ay nagiging hindi lamang daluyan ng aliw kundi isang makapangyarihang kasangkapan sa edukasyon at paghubog ng kamalayang panlipunan.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa Batangas City High School for the Arts taong panuruan 2025-2026.

Kaugnay nito, binibigyang-tugon ng pananaliksik ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng dagli batay sa:

    1.1 Pagkilala sa mga isyung panlipunan;

    1.2 Pag-unawa sa mga implicit o nakatagong kahulugan; at

1.3 Pag-uugnay ng akda sa sariling karanasan?

2. Ano ang lebel ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng nilalaman ng mga piling dagli ayon sa:

2.1 Kakayahang Magsuri (Analytical);

2.2 Kakayahang Magtaya (Evaluative); at

2.3 Kakayahang Lumikha at Mag-ugnay (Creative/Relational)?

3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan (significant relationship) ang antas ng kasanayan sa pagsusuri sa lebel ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral?

4. Ano ano ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga kwentong dagli?

5. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, anong kagamitang pampagtuturo ang maaaring mabuo upang mapaunlad ang kritikal na pagsusuri ng mga mag-aaral sa mga kwentong dagli?

# Metodolohiya

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na isinagawa ay ang pamamaraang deskriptiv–ebaluwatib upang makakuha ng impormasyon tungkol sa kritikal na pag-iisip. Ginamit ang deskriptiv-ebaluwatib na pamamaraan ng pananaliksik sapagkat hindi lamang nagtatapos sa pagsasagawa ng talahanayan ng mga datos kundi ganoon din ay paglalarawan sa mga kahulugan ng datos. Dito ay binigyang-pansin niya ang pagkakaugnayan ng datos, mga praktis na patuloy na nagaganap at proseso ng mga bagay na ninanais na madebelop (Caringal, 2019).

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang mga naging kalahok sa pag-aaral ay mula sa ikasampu at ikasiyam na baitang ng Batangas City High School for the Arts na binubuo ng tatlumput isang mga lalaki ( 31) at tatlumput pitong mga babae ( 37 ) na may kabuuang bilang na animnaput walong ( 68 ) na respondente ng mga mag-aaral sa dalawang grado na kasalukuyang tinuturuan ng mananaliksik sa asignaturang Filipino para sa taong panuruan 2025-2026. Ginamit ang *sampling technique* dahil ang mga kalahok ay mula sa dalawang buong seksyon ng klase na naging bahagi ng pag-aaral. Napili ng mananaliksik ang isa sa mga seksyon sa baitang siyam at sampu bilang mga kalahok sa pag-aaral upang masagot ang mga katanungang inilahad na ito na pananaliksik at makabuo ng isang kagamitang pang interbensyon.

**Kagamitan sa Pananaliksik**

Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan bilang pangunahing instrumento upang ganap na makuha ang pananaw ng mga estudyante sa kanilang antas ng kasanayan sa pagsusuri at ang kanilang lebel ng kritikal na pag-iisip sa pagsusuri ng nilalaman ng mga piling dagli at maging ang kanilang suliraning kinakaharap sa pagbasang may pag-unawa.

**Talatanungan**

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Ang talatanungan ay isinaalang-alang upang makuha ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng dagli , ganun rin pagtukoy sa lebel ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng nilalaman ng mga piling dagli antas ng kasanayan sa pagsusuri at ang kanilang lebel ng kritikal na pag-iisip sa pagsusuri ng nilalaman ng mga piling dagli.

Naghanda ang mananaliksik ng sampung katanungan sa bawat tiyak na suliranin upang higit na matukoy ang nais makuha ng mga pangunahing suliraning nabuo. Ito ay dumaan sa balidasyon ng tatlong eksperto sa larangan ng pagbuo ng instrumento at pagtuturo. Bawat tanong ay binubuo ng sampung tagapagpahiwatig. Lahat ng mga komento at suhestiyon ng mga *validators* ay isinaalang-alang at binigyang-pansin. Ang pinal na talatanungan ay muling ibinalik sa gurong tagapayo upang hingin ang pagsang-ayon. Ang mananaliksik ay tumalima sa mga ipinatutupad na polisiya hinggil sa sekyuridad at pamantayan ng Data Privacy Act. Lahat ng mga impormasyong nakalap ay mananatiling kumpidensiyal.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Sa pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay gumawa ng sulat na nakapangalan sa punong guro ng paaralan gayundin sa gurong tagapag-ugnay sa Filipino at ng mga respondente na kalahok sa pag-aaral. Ang sulat ay naglalaman ng paghingi ng kanilang pagsang-ayon upang maipagpatuloy ang kanilang boluntaryong pakikilahok sa pag-aaral. Ang mananaliksik ay naglagay rin ng mga paliwanag hinggil sa pagrespeto sa kanilang magiging tugon at lahat ng ito ay gagamitin lamang para sa pag-aaral.

Pagkatapos makakuha ang positibong tugon, inihanda na ng mananaliksik ang bilang mga talatanungan. Dahil halos nakakasama ng mananaliksik ang lahat ng kalahok sa pag-aaral, minarapat ng nakakaraming estyudante na sagutan ng personal ang mga talatanungan. Kinalap ng mananalikisik ang iskedyul ng bawat respondente upang alamin ang kanilang malayang oras na makapagsagot sa talatanungan. Ipinamigay ng mananaliksik ang mga talatanungan sa araw at oras na kanilang iskedyul. Ipinaliwanag niya ang mga panuto at nilalaman ng talatanungan.

Muli, kanyang ibinulalas na ang pag – aaral ay lubos na sumusunod sa integridad, katotohanan at *Data Privacy Act.* Pagkatapos sagutan ng mga respondente ang mga katanungan ay agad na kinalap ito ng mananaliksik para sa pag-aanalisa.

**Istadistikang Ginamit**

Ang mananaliksik ay gumamit ng payak na pamamaraang istadistika upang maayos na maisagawa ang pagbibigay kahulugan sa mga datos na nakalap. Ito ay inihanay sa iba't – ibang talahanayan upang maisagawa ang pagbibigay ng kahulugan.

**Pagbabahagdan.** Ito ay ginamit upang mabigyang bahagdan ang iskor na nakuha ng mag – aaral o respondent.

**Ranggo.** Ito ay ginamit ng mananaliksik upang makuha ang pagkakasunod-sunod ng iskor ng mag-aaral sa kinuhang pagsusulit o sarbey.

**Weighted Mean.** Ito ang kabuuang product ng frikwensi at ang katumbas na bilang ng baryabol ay hinahati sa kabuuang bilang ng frikwensi.

# RESULTA

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Ang talahanayan 1 ay nagpapabatid ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral na nasa Baitang siyam at sampu na may kinalaman sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuring dagli.

Batay sa resulta ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuring ng dagli na nakakuha ng composite mean na 3.65.

**TALAHANAYAN 1**

**ANTAS NG KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGSUSURI NG DAGLI**

| Pagkilala sa mga Isyung Panlipunan | Weighted Mean | Std. Deviation | Interpretasyon | Rank |
|---|---|---|---|---|
| 1. Natutukoy ko ang pangunahing isyung panlipunan na tinatalakay sa binasang dagli. | 3.72 | 0.54 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **1** |
| 2. Nauunawaan ko kung anong suliraning panlipunan ang ipinapakita sa kilos ng mga tauhan. | 3.67 | 0.53 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **4.5** |
| 3. Nakikilala ko ang mga sitwasyong panlipunan tulad ng kahirapan, diskriminasyon, o kawalan ng katarungan sa dagli. | 3.64 | 0.57 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **6** |
| 4. Natutukoy ko ang epekto ng isyung panlipunan sa mga tauhan ng akda. | 3.62 | 0.57 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **7.5** |
| 5. Naiuugnay ko ang isyung panlipunan sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan. | 3.68 | 0.50 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **3** |
| 6. Nauunawaan ko ang mensahe ng may-akda tungkol sa isyung panlipunan. | 3.71 | 0.52 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **2** |
| 7. Nasusuri ko kung paano ipinakita ng may-akda ang isyung panlipunan sa maikling paraan. | 3.61 | 0.49 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **9** |
| 8. Natutukoy ko ang panig o pananaw ng may-akda tungkol sa isyung panlipunan. | 3.62 | 0.52 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **7.5** |
| 9. Nakapagbibigay ako ng halimbawa mula sa akda na nagpapakita ng isyung panlipunan. | 3.57 | 0.56 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **10** |
| 10. Nakikita ko ang kahalagahan ng mga isyung panlipunan na tinalakay sa dagli. | 3.67 | 0.47 | **Lubos na Sumasang-ayon** | **4.5** |
| Composite mean | 3.65 | | **Lubos na Sumasang-ayon** | |

Ang pangkalahatang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral ay nasa kategoryang "Lubos na Sumasang-ayon." Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kamalayan at kakayahan sa pagtukoy at pag-unawa sa mga isyung panlipunan na nakapaloob sa mga dagli.

Ipinakita rin sa resulta na nangunguna ang kakayahan ng mga mag-aaral na matukoy ang pangunahing isyung panlipunan na may weighted mean na 3.72, samantalang nauunawaan ang mensahe ng may-akda na may weighted mean na 3.71.

Mahusay ang mga mag-aaral sa *literal* at *inferential* na antas ng pagbasa. Madali nilang makuha ang pinakasentro ng paksa ng isang dagli dahil sa pagiging maikli nito. Nakakuha naman ng ikatlong

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

ranggo ang may koneksyon sa realidad na sinundan ng pag-uugnay ng isyu sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan na may markang 3.68. Ibig sabihin nito na hindi lamang basta nagbabasa ang mga mag-aaral; nagagawa nilang ilapat ang binabasa sa totoong buhay, na isang mahalagang bahagi ng kritikal na pag-iisip.

Bagama't nasa antas pa rin ng "Lubos na Sumasang-ayon," ang pagsusuri kung paano ipinakita ng may-akda ang isyu sa maikling paraan na nakakuha ng 3.61 na ranggo at ang pagbibigay ng partikular na halimbawa mula sa akda, 3.57 ang nakakuha ng pinakamababang weighted mean.

Maaaring nahihirapan nang bahagya ang mga mag-aaral sa teknikal na aspekto ng dagli kung paano ginamit ang limitadong salita para magpahiwatig ng malalim na isyu. Mas madali para sa kanila na maunawaan ang tanong na "ano" (mensahe) kaysa sa tanong na "paano" (estilo ng pagsulat).

**TALAHANAYAN BILANG 2**

**ANTAS NG KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGSUSURI NG DAGLI**

| **Pag-unawa sa mga Implicit o Nakatagong Kahulugan** | Weighted Mean | Std. Deviation | Interpretasyon | Rank |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nauunawaan ko ang mga kahulugang hindi tuwirang binanggit sa dagli. | 3.54 | 0.58 | Lubos na Sumasang-ayon | 9 |
| 2. Nakapagbibigay ako ng interpretasyon sa mga simbolo at pahiwatig sa akda. | 3.59 | 0.55 | Lubos na Sumasang-ayon | 6 |
| 3. Natutukoy ko ang damdamin ng tauhan kahit hindi ito tahasang sinabi. | 3.67 | 0.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 4. Nauunawaan ko ang tunay na mensahe ng akda sa kabila ng simpleng banghay. | 3.64 | 0.48 | Lubos na Sumasang-ayon | 2.5 |
| 5. Nakikilala ko ang mga pahiwatig na ginamit ng may-akda upang ipahayag ang ideya. | 3.57 | 0.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 8 |
| 6. Nasusuri ko ang kahulugan ng mga piling salita o parirala sa konteksto ng akda. | 3.59 | 0.52 | Lubos na Sumasang-ayon | 6 |
| 7. Nauunawaan ko ang wakas ng dagli kahit ito ay bukas sa interpretasyon. | 3.62 | 0.55 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 8. Nakabubuo ako ng sariling paliwanag batay sa mga implicit na detalye ng akda. | 3.48 | 0.63 | Sumasang-ayon | 10 |
| 9. Naiintindihan ko ang ugnayan ng pamagat at ng nakatagong mensahe ng dagli. | 3.64 | 0.51 | Lubos na Sumasang-ayon | 2.5 |
| 10. Natutukoy ko ang aral ng akda kahit hindi ito direktang binanggit. | 3.59 | 0.52 | Lubos na Sumasang-ayon | 6 |
| Composite mean | 3.59 | 0.40 | Lubos na | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Sumasang-ayon | |

Sa pangkalahatan, ang Composite Mean na 3.59 ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may "Lubos na Antas ng Kasanayan" sa pag-unawa sa mga nakatagong mensahe ng dagli.

Ang pinakamataas na ranggo (3.67) ay nasa pagtukoy ng damdamin ng tauhan. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay mahusay sa "character analysis" at may mataas na emosyonal na katalinuhan (EQ) upang maramdaman ang subtext ng akda. Mataas din ang kanilang kakayahan na makita ang lalim ng mensahe na nasa ranggong 2.5 sa likod ng maikli at simpleng daloy ng kuwento.

Samantalang nasa katamtamang kasanayan ang tungkol sa  simbolismo at konteksto na nasa ranggong

Ang mga mag-aaral ay nasa "Lubos na Sumasang-ayon" pa rin pagdating sa pag-unawa sa mga wakas, simbolo, at pahiwatig. Sapat ang kanilang kaalaman upang hindi maligaw sa mga "open-ended" na wakas na tipikal sa isang dagli. Gayunpaman, ang pagkilala sa mga partikular na "pahiwatig" na nasa ranggong 8 ay bahagyang mas mababa kumpara sa pag-unawa sa kabuuang damdamin.

Kapansin-pansin naman na nasa ika-sampung ranggo na may weight mean 3.48. Ito ang tanging aytem na bumaba sa interpretasyong hindi lubos na sumasang-ayon. Bagama't nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga nakatagong kahulugan, nahihirapan silang ipaliwanag o bigyan ng sariling katwiran ang mga detalyeng ito sa paraang organisado o pasulat. May "gap" sa pagitan ng pag-intindi at pagpapaliwanag. Bagama't positibo ang pangkalahatang resulta, ang pagbaba ng marka sa Rank 10 ay nagpapahiwatig na kailangang sanayin ang mga mag-aaral sa kritikal na pagpapaliwanag.

**TALAHANAYAN BILANG 3**

**ANTAS NG KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGSUSURI NG DAGLI**

| **Aytem** | ***Weighted Mean*** | **Interpretasyong Berbal** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| **Pag-uugnay ng Akda sa Sariling Karanasan** | 3.55 | Lubos na Sumasang-ayon | 5.5 |
| Naiuugnay ko ang mga pangyayari sa dagli sa aking sariling karanasan. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| Nakakaramdam ako ng personal na koneksyon sa mga tauhan ng akda. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| Naikukumpara ko ang aking karanasan sa karanasan ng mga tauhan. | 3.55 | Lubos na Sumasang-ayon | 5.5 |
| Mas nauunawaan ko ang akda kapag iniuugnay ko ito sa aking buhay. | 3.65 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| Nakapagbibigay ako ng halimbawa mula sa | 3.52 | Lubos na | 7 |

Online ISSN: 3082-5121
ALOYSIAN
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| aking karanasan na kaugnay ng akda. | | Sumasang-ayon | |
| Nakatutulong ang aking personal na karanasan sa mas malalim na pag-unawa sa dagli. | 3.51 | Lubos na Sumasang-ayon | 8 |
| Nakikita ko ang sarili ko sa ilang sitwasyong inilarawan sa akda. | 3.46 | Sumasang-ayon | 10 |
| Naiuugnay ko ang aral ng dagli sa mga karanasang aking naranasan. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| Nagiging makabuluhan sa akin ang akda dahil sa ugnayan nito sa aking buhay. | 3.49 | Sumasang-ayon | 9 |
| 10. Nakapagpapahayag ako ng sariling opinyon batay sa aking karanasan at sa akda. | 3.54 | Lubos na Sumasang-ayon | |
| **Composite mean** | 3.54 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Samantala, sa Pag-uugnay ng Akda sa Sariling Karanasan, nakuha ang composite mean na 3.54 na may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nagagawa ng mga mag-aaral na iugnay ang akda sa kanilang sariling buhay at karanasan, bagama't may kaunting kahinaan sa pagpapahayag ng sariling opinyon at pag-uugnay ng aral sa personal na karanasan.

Ang pinakamataas na markang 3.67 ay nasa pagtukoy ng damdamin ng tauhan. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay mahusay sa "character analysis" at may mataas na emosyonal na katalinuhan (EQ) upang maramdaman ang subtext ng akda. Mataas din ang kanilang kakayahan na makita ang lalim ng mensahe (Rank 2.5) sa likod ng maikli at simpleng daloy ng kuwento.

Ang mga mag-aaral ay nasa "Lubos na Sumasang-ayon" pa rin pagdating sa pag-unawa sa mga wakas, simbolo, at pahiwatig. Sapat ang kanilang kaalaman upang hindi maligaw sa mga "open-ended" na wakas na tipikal sa isang dagli. Gayunpaman, ang pagkilala sa mga partikular na "pahiwatig" na nakakuha ng ranggong 8 ay bahagyang mas mababa kumpara sa pag-unawa sa kabuuang damdamin. Kapansin-pansin naman ang ika-sampung ranggo na may weighted mean 3.48. Ito ang tanging aytem na bumaba sa interpretasyong lubos na hindi sumasang-ayon.

Bagama't nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga nakatagong kahulugan, nahihirapan silang ipaliwanag o bigyan ng sariling katwiran ang mga detalyeng ito sa paraang organisado o pasulat. May "gap" sa pagitan ng pag-unawa at pagpapaliwanag.

Kaugnay nito, binanggit nina De Castro at Santos (2023) sa kanilang pananaliksik na ang paggamit ng dagli sa Senior High School ay nagpakita ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa "inferencing" o paghihinuha. Ayon sa kanilang pag-aaral, mas nagiging interaktibo ang talakayan kapag ang materyales ay may "twist" dahil ito ay natural na humihikayat sa mga mag-aaral na magtanong at magbigay ng sariling ebalwasyon.

Sa kabuuan, mataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng dagli batay sa tatlong aspekto.

Online ISSN: 3082-5121
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**TALAHANAYAN BILANG 4**

**LEBEL NG KRITIKAL NA PAG-IISIP NG MGA MAG-AARAL SA PAGSUSURI NG NILALAMAN NG MGA PILING DAGLI**

| Aytem | *Weighted Mean* | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Kakayahang Magsuri** | | | |
| 1. Natutukoy ko ang pangunahing paksa ng dagli na aking binasa. | 3.54 | Lubos na Sumasang-ayon | 6 |
| 2. Naiisa-isa ko ang mahahalagang detalye sa nilalaman ng dagli. | 3.58 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 3. Nauunawaan ko ang ugnayan ng mga pangyayari sa dagli. | 3.54 | Lubos na Sumasang-ayon | 6 |
| 4. Nasusuri ko ang katangian ng mga tauhan batay sa kanilang kilos at pananalita. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 5. Natutukoy ko ang suliraning inilahad sa dagli. | 3.52 | Lubos na Sumasang-ayon | 8 |
| 6. Nasasabi ko ang dahilan at bunga ng mga pangyayari sa akda. | 3.54 | Lubos na Sumasang-ayon | 6 |
| 7. Naihahambing ko ang simula, gitna, at wakas ng dagli. | 3.58 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 8. Natutukoy ko ang pananaw o punto de bista ng may-akda. | 3.51 | Lubos na Sumasang-ayon | 9 |
| 9. Nauunawaan ko ang mensaheng ipinahihiwatig ng dagli. | 3.49 | Sumasang-ayon | 10 |
| 10. Nasusuri ko kung paano ginamit ang wika upang ipahayag ang ideya ng akda. | 3.58 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| **Composite mean** | 3.54 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Sa kakayahang magsuri, nakamit ang composite mean na 3.54 na may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na mahusay ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng paksa, detalye, at ugnayan ng mga pangyayari sa akda. Gayunpaman, bahagyang mas mababa ang kakayahan sa pag-unawa ng ipinahihiwatig na mensahe.

**TALAHANAYAN BILANG 5**

**LEBEL NG KRITIKAL NA PAG-IISIP NG MGA MAG-AARAL SA PAGSUSURI NG NILALAMAN NG MGA PILING DAGLI**

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| Aytem | *Weighted Mean* | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Kakayahang Magtaya** | | | |
| 1. Nakapagbibigay ako ng sariling opinyon tungkol sa nilalaman ng dagli. | 3.61 | Lubos na Sumasang-ayon | 1.5 |
| 2. Nasusuri ko kung makatotohanan ang mga pangyayari sa akda. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 5.5 |
| 3. Nakapagbibigay ako ng hatol kung mabisa ang paraan ng pagsasalaysay ng may-akda. | 3.61 | Lubos na Sumasang-ayon | 1.5 |
| 4. Natataya ko kung ang kilos ng mga tauhan ay makatarungan o hindi. | 3.54 | Lubos na Sumasang-ayon | 9 |
| 5. Nasasabi ko kung ang mensahe ng dagli ay mahalaga sa kasalukuyang panahon. | 3.55 | Lubos na Sumasang-ayon | 6.5 |
| 6. Nakapagbibigay ako ng puna sa lakas at kahinaan ng akda. | 3.55 | Lubos na Sumasang-ayon | 6.5 |
| 7. Nasusuri ko kung ang wakas ng dagli ay angkop sa kabuuan ng kuwento. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 5.5 |
| 8. Nakapaghahambing ako ng ideya ng dagli sa sariling karanasan. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 5.5 |
| 9. Natataya ko kung epektibo ang simbolismo o pahiwatig sa akda. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 5.5 |
| 10.Nakapagbibigay ako ng lohikal na dahilan sa aking mga pagpapasya tungkol sa akda. | 3.51 | Lubos na Sumasang-ayon | 10 |
| **Composite mean** | **3.56** | | |

Sa Kakayahang Magtaya (Evaluative), nakapagtala ng composite mean na 3.56 (Lubos na Sumasang-ayon). Ipinahihiwatig nito na may kakayahan ang mga mag-aaral na magbigay ng sariling opinyon, paghuhusga, at pagsusuri sa bisa ng akda, na nagpapakita ng mataas na antas ng evaluative thinking.

**TALAHANAYAN BILANG 6**

**LEBEL NG KRITIKAL NA PAG-IISIP NG MGA MAG-AARAL SA PAGSUSURI NG NILALAMAN NG MGA PILING DAGLI**

| | *Weighted Mean* | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Kakayahang Lumikha at Mag-ugnay** | | | |
| 1. Nakabubuo ako ng bagong interpretasyon mula sa binasang dagli. | **3.58** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **1.5** |
| 2. Naiuugnay ko ang tema ng dagli sa mga isyung panlipunan. | **3.57** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **3** |
| 3. Nakagagawa ako ng sariling wakas batay sa nilalaman ng akda. | **3.43** | **Sumasang-ayon** | **8** |
| 4. Naiuugnay ko ang dagli sa iba pang akdang pampanitikan. | **3.43** | **Sumasang-ayon** | **8** |
| 5. Nakalilikha ako ng sariling pamagat na angkop sa nilalaman ng dagli. | **3.46** | **Sumasang-ayon** | **7** |
| 6. Naipapahayag ko ang ideya ng akda sa malikhaing paraan (tula, sanaysay, repleksyon). | **3.49** | **Sumasang-ayon** | **6** |
| 7. Nakabubuo ako ng sariling aral mula sa akda. | **3.55** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **4** |
| 8. Naiuugnay ko ang mga tauhan sa mga taong nakikita ko sa tunay na buhay. | **3.58** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **1.5** |
| 9. Nakalilikha ako ng bagong sitwasyon batay sa mga pangyayari sa dagli. | **3.43** | **Sumasang-ayon** | **8** |
| 10. Nagagamit ko ang mga ideya sa dagli bilang inspirasyon sa sariling likha. | **3.52** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **5** |
| **Composite mean** | **3.51** | **Lubos na Sumasang-ayon** | |

Inilahad sa Talahanayan 5 na nakakuha ng berbal na interpretasyong "lubos na sumasang-ayon" ang mga sumusunod; nakabubuo ng bagong interpretasyon mula sa binasang dagli at pag-uugnay ng mga tauhan sa mga taong nakikita sa tunay na buhay. na may parehong na may weighted mean na 3.58.

Sa Kakayahang Lumikha at Mag-ugnay (Creative/Relational), nakamit ang composite mean na 3.51 (Lubos na Sumasang-ayon). Ipinapakita nito na nagagawa ng mga mag-aaral na makabuo ng sariling interpretasyon at maiugnay ang akda sa iba pang konteksto, bagama't may bahagyang kahinaan sa paglikha ng bagong wakas at malikhaing output.

Sa pangkalahatan, mataas ang lebel ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa lahat ng dimensyon.

3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan (significant relationship) ang antas ng kasanayan sa pagsusuri sa lebel ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral?

**Talahanayan Bilang 7**

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**Makabuluhang kaugnayan sa antas ng kasanayan sa pagsusuri sa lebel ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral**

| Pagkilala sa mga isyung panlipunan | rho value | p-value | Interpretasyon | Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| Kakayahang Magsuri (Analytical); | .728** | 0.000 | significant | reject Ho |
| Kakayahang Magtaya (Evaluative); | .697** | 0.000 | significant | reject Ho |
| Kakayahang Lumikha at Mag-ugnay (Creative/Relational) | .643** | 0.000 | significant | reject Ho |

Sa talahanayang ito, ginamit ang Spearman Rank-Order Correlation (Spearman's rho) bilang inferential statistical treatment upang matukoy ang ugnayan ng pagkilala sa mga isyung panlipunan at mga dimensyon ng kritikal na pag-iisip.

Ipinakita ng resulta na may mataas na positibong ugnayan sa pagitan ng pagkilala sa mga isyung panlipunan at kakayahang magsuri ($\rho = 0.728$), kakayahang magtaya ($\rho = 0.697$), at kakayahang lumikha at mag-ugnay ($\rho = 0.643$). Ang lahat ng ito ay may p-value na 0.000, na mas mababa sa 0.05, kaya't ang ugnayan ay makabuluhan (significant).

Dahil dito, nirereject ang null hypothesis (Ho). Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng mga isyung panlipunan, tumataas din ang kanilang antas ng kritikal na pag-iisip sa lahat ng aspeto.

**TALAHANAYAN BILANG 8**

**SPEARMAN'S RHO BILANG STATISTICAL TREATMENT.**

| Pag-unawa sa mga implicit o nakatagong kahulugan | rho value | p-value | Interpretasyon | Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| Kakayahang Magsuri (Analytical); | .753** | 0.000 | significant | reject Ho |
| Kakayahang Magtaya (Evaluative); | .687** | 0.000 | significant | reject Ho |
| Kakayahang Lumikha at Mag-ugnay (Creative/Relational) | .735** | 0.000 | significant | reject Ho |

Makikita na may mataas na positibong ugnayan sa pagitan ng pag-unawa sa implicit na kahulugan at kakayahang magsuri ($\rho = 0.753$), kakayahang magtaya ($\rho = 0.687$), at kakayahang lumikha at mag-ugnay ($\rho = 0.735$). Lahat ng p-value ay 0.000, na nagpapakita ng statistically significant relationship.

Dahil dito, nirereject ang null hypothesis (Ho). Ipinapakita ng resulta na ang mas malalim na pag-unawa sa mga nakatagong kahulugan ng akda ay may malaking kontribusyon sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**TALAHANAYAN BILANG 9**

**SPEARMAN RANK-ORDER CORRELATION**

| Pag-uugnay ng akda sa sariling karanasan | rho value | p-value | Interpretasyon | Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| Kakayahang Magsuri (Analytical); | .779** | 0.000 | significant | reject Ho |
| Kakayahang Magtaya (Evaluative); | .664** | 0.000 | significant | reject Ho |
| Kakayahang Lumikha at Mag-ugnay (Creative/Relational) | .694** | 0.000 | significant | reject Ho |

Sa talahanayang ito, ginamit pa rin ang Spearman Rank-Order Correlation bilang inferential statistical tool.

Ipinakita ng resulta ang mataas na positibong ugnayan sa pagitan ng pag-uugnay ng akda sa sariling karanasan at kakayahang magsuri ($\rho = 0.779$), kakayahang magtaya ($\rho = 0.664$), at kakayahang lumikha at mag-ugnay ($\rho = 0.694$). Lahat ng p-value ay 0.000, kaya't ang mga ito ay makabuluhan.

Dahil dito, nirereject ang null hypothesis (Ho). Ipinapahiwatig na ang kakayahan ng mga mag-aaral na iugnay ang akda sa kanilang sariling karanasan ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng kanilang kritikal na pag-iisip.

**TALAHANAYAN BILANG 10**

**SULIRANING KINAKAHARAP NG MGA MAG-AARAL SA PAG-UNAWA SA MGA KWENTONG DAGLI**

| **Aytem** | ***Weighted Mean*** | **Interpretasyong Berbal** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| **MGA PAHAYAG** | | | |
| 1. Nahihirapan akong unawain ang malalim o simbolikong kahulugan ng mga kuwentong dagli. | 2.36 | Hindi Sumasang-ayon | 5 |
| 2. Nalilito ako sa ipinahihiwatig na mensahe ng kuwentong dagli dahil hindi ito tuwirang ipinapahayag. | 2.39 | Hindi Sumasang-ayon | 4 |
| 3. Nahihirapan akong tukuyin ang pangunahing paksa ng kuwentong dagli. | 2.35 | Hindi Sumasang-ayon | 1 |
| 4. Kulang ang aking kaalaman sa bokabularyo kaya nahihirapan akong maunawaan ang akda. | 2.43 | Hindi Sumasang-ayon | 2 |
| 5. Nahihirapan akong suriin ang katangian at motibasyon ng mga tauhan sa kuwentong dagli. | 2.30 | Hindi Sumasang-ayon | 6.5 |
| 6. Nalilito ako sa biglaang wakas ng ilang kuwentong dagli. | 2.39 | Hindi Sumasang-ayon | 3 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 7. Nahihirapan akong iugnay ang mga pangyayari sa kuwentong dagli sa tunay na buhay. | 2.25 | Hindi Sumasang-ayon | 9.5 |
| 8. Hindi ko agad nauunawaan ang layunin o pananaw ng may-akda. | 2.30 | Hindi Sumasang-ayon | 6.5 |
| 9. Nahihirapan akong magbigay ng sariling interpretasyon sa kuwentong dagli. | 2.26 | Hindi Sumasang-ayon | 8 |
| 10. Kulang ang aking kasanayan sa kritikal na pagbasa kaya nahihirapan akong unawain ang kuwentong dagli. | 2.25 | Hindi Sumasang-ayon | 9.5 |
| **Composite mean** | **2.33** | **Hindi Sumasang-ayon** | |

Sa pagsusuri ng mga suliranin, ginamit ang Weighted Mean at Standard Deviation bilang descriptive statistical treatment.

Nakamit ang composite mean na 2.33 na may berbal interpretasyon na hindi sumasang-ayon. Ipinapakita nito na sa pangkalahatan, hindi gaanong nararanasan ng mga mag-aaral ang mga nabanggit na suliranin sa pag-unawa sa dagli. Ibig sabihin, hindi nila itinuturing na malaking hadlang ang mga ito sa kanilang pagkatuto.

Gayunpaman, may ilang aspeto tulad ng bokabularyo at pag-unawa sa mensahe na may bahagyang mas mataas na mean, ngunit nananatili pa rin sa antas na *Hindi Sumasang-ayon*. Ipinapahiwatig nito na bagama't may kaunting hamon.

# DISKUSYON

Batay sa kabuuang resulta ng pag-aaral, malinaw na ang mga mag-aaral sa Baitang 9 at 10 ay nagtataglay ng mataas na antas ng kasanayan sa pagsusuri ng dagli, na pinatutunayan ng pangkalahatang composite mean na nasa antas ng *"Lubos na Sumasang-ayon."* Ipinahihiwatig nito na ang dagli bilang isang anyo ng panitikan ay epektibong nakatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagsusuri, at paglalapat ng mga ideya, lalo na sa kontekstong panlipunan at personal.

Sa unang aspekto, na tumutukoy sa pagkilala sa mga isyung panlipunan, ipinakita ng mga mag-aaral ang mataas na kakayahan sa pagtukoy ng pangunahing isyu at pag-unawa sa mensahe ng may-akda. Nangunguna ang kakayahang matukoy ang sentrong isyung panlipunan at maunawaan ang layunin ng akda, na nagpapakita ng kahusayan sa literal at inferensyal na pagbasa. Gayunpaman, bahagyang mababa ang kasanayan sa pagsusuri kung paano inilahad ang isyu at sa pagbibigay ng kongkretong halimbawa, na nagpapahiwatig ng pangangailangan sa mas malalim na pagtuon sa estilong pampanitikan at tekstuwal na ebidensya.

Sa ikalawang aspekto, na nakatuon sa pag-unawa sa mga implicit o nakatagong kahulugan, napatunayang may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng damdamin ng tauhan at sa pagkuha ng mensahe kahit hindi ito tuwirang ipinapahayag. Ipinapakita nito ang kanilang kakayahan sa mas mataas na antas ng pag-iisip, partikular sa pagbasa sa pagitan ng mga linya. Gayunpaman, lumitaw

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

ang kahinaan sa pagbibigay ng sariling interpretasyon at paliwanag, na nagpapakita ng agwat sa pagitan ng pag-unawa at artikulasyon ng kaisipan.

Sa ikatlong aspekto, ang pag-uugnay ng akda sa sariling karanasan, napatunayang nagagawa ng mga mag-aaral na iugnay ang binasang dagli sa kanilang sariling buhay, na mahalaga sa paglinang ng makabuluhang pagkatuto. Pinakamataas ang pagpapahalaga sa pag-unawa ng akda sa pamamagitan ng personal na koneksyon. Subalit, may bahagyang kahinaan sa pagpapahayag ng sarili at sa ganap na pagkilala ng sarili sa mga sitwasyon ng akda, na nagpapahiwatig ng pangangailangan sa mas maraming gawaing replektibo at ekspresibo.

Samantala, sa lebel ng kritikal na pag-iisip, lumabas na ang mga mag-aaral ay may mataas na kakayahan sa tatlong dimensyon: pagsusuri (analytical), pagtataya (evaluative), at paglikha at pag-uugnay (creative/relational). Pinakamalinaw ang kanilang kakayahan sa pagbibigay-opinyon at paghuhusga sa akda, na nagpapakita ng aktibong pakikibahagi sa teksto. Gayunpaman, may bahagyang pagbaba sa malikhaing aspekto tulad ng paglikha ng bagong wakas at malikhaing output, na nangangailangan ng higit na pagsasanay.

Higit sa lahat, ipinakita ng inferential analysis na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pagsusuri ng dagli at lebel ng kritikal na pag-iisip. Ang mataas na positibong korelasyon sa lahat ng dimensyon (analytical, evaluative, at creative) ay nagpapatunay na habang nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri ng akda, kasabay ding tumataas ang kanilang kritikal na pag-iisip. Ibig sabihin, ang paggamit ng dagli ay hindi lamang nakatutulong sa pagbasa kundi nagsisilbi ring mabisang kasangkapan sa intelektuwal na paglinang.

Sa kabilang banda, ipinakita ng resulta na hindi gaanong nararanasan ng mga mag-aaral ang mga suliranin sa pag-unawa sa dagli, batay sa mababang composite mean na may interpretasyong *"Hindi Sumasang-ayon."* Ipinapahiwatig nito na ang dagli ay isang akdang angkop sa kanilang antas, bagama't may kaunting hamon sa bokabularyo at interpretasyon ng mensahe.

Sa kabuuan, mapapatunayan na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagsusuri ng dagli at kritikal na pag-iisip. Gayunpaman, kinakailangan pa ring paunlarin ang kanilang kakayahan sa mas malalim na pagsusuri, pagpapaliwanag, at malikhaing pagpapahayag upang tuluyang maisara ang puwang sa pagitan ng pag-unawa at aplikasyon ng kaalaman.

# SUPPLEMENTARYONG KAGAMITAN

Ang pangunahing layunin ng guro ay magdisenyo ng mga supplementaryong kagamitang pampagtuturo na lunsaran na makatutulong sa pagpapataas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang bawat kagamitan ay binatay sa MELC na kinakailangang maging makabuluhan, interaktibo at nakapupukaw ng interes ng mga mag-aaral na magbubunga ng positibong resulta sa kanilang pagkatuto. Gayundin, ang bawat kagamitan na ito ay dapat magtaguyod ng patuloy na pag-unlad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga progresibong gawain upang makaiwas sa pagkabagot at kawalan ng motibasyon sa pag-aaral.

Narito ang ilan sa mga nabuong supplementaryong lunsarang kagamitan na hango sa mga dagli ni Eros Atalia na maaaring gamitin:

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

1. Pila-pila
2. Si Ma'am Kasi
3. Graduation Gift
4. Letter to Santa
5. Buwan ng Nutrisyon"
6. Langit, Lupa, Impyerno

# KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na impormasyon at datos, narito ang mga konklusyong nabatid.

1. Ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng dagli ay mahusay at may posibilidad pang umunlad ang kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip.
2. May mataas na kasanayan ang mga mag-aaral sa pagkilala sa mga isyung panlipunan pero bahagyang mababa sa pagbuo ng mga pahayag sa mga implicit na detalye ng akda.
3. Nakapagpapalawak ng pananaw at perspektiba ng mga mag-aaral
   Sa pamamagitan ng iba't ibang tema ng dagli, natututo silang tumingin sa mga isyu mula sa iba't ibang anggulo.
4. Nagiging tulay ang dagli sa mas mataas na antas ng pagkatuto
   Ito ay nagsisilbing panimulang hakbang upang malinang ang mas komplikadong kasanayan tulad ng ebalwasyon at paglikha.
5. Ang nabuong lunsaran para sa mga mag-aaral ay karagdagang tulong upang mas mapataas at mapaunlad pa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip.

# REKOMENDASYON

Batay sa pag-aaral at naging konklusyon, narito ang ilang rekomendasyon.

1. Gamitin ang dagli bilang regular na lunsaran sa talakayan
   Isama ito sa bawat aralin upang masanay ang mga mag-aaral sa pagsusuri at kritikal na pag-iisip.
2. Magbigay ng gabay na tanong na nakatuon sa mas mataas na antas ng pag-iisip. Gumamit ng mga tanong na nangangailangan ng pagsusuri, paghahambing, at pagbibigay-opinyon.
3. Iangkop ang mga dagli sa antas at interes ng mga mag-aaral
   Pumili ng mga paksang relatable upang mas maging makabuluhan ang pagkatuto.
4. Gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo at
   magbigay ng malinaw na rubriks sa pagtataya upang masukat ang antas ng kritikal na pag-iisip.
5. Maaaring magsagawa ng mga susunod pang pag-aaral upang mapagtibay ang naging resulta ng isinagawang papel. Ito rin ay magsisilbing referens ng iba pang mananaliksik.
6. Gamitin ang nabuong awtput sa pananaliksik na ito.

# TALASANGGUNIAN

### A. Mga Aklat

Badayos, P. et al. (2021). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. New Generation Curriculum

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Calhoun, C. (2021). Contemporary sociological theory. John Wiley & Sons.

Pineda, Ponciano B.P. (2021). Kritisismong Pampanitikan; Mga Piling Kwento. Rex Bookstore, Inc. Manila

Turner, J. H. (2022). The structure of sociological theory (8th ed.). SAGE Publications.

Wallerstein, I. (2021). World-systems analysis: An introduction (Updated ed.). Duke University Press.

**B. Di- Inalathalang Materyales**

Alico, J. P. O., Quinitio, K. P. O., & San Jose, A. E. (2024). The unconscious conflicts, desires, and traumas in selected contemporary short stories in the Philippines. Global Academic Journal of Linguistics and Literature, 6(3), 1-10.

Aquino, R. M. (2023). Ang Dagli Bilang Tinig ng Protesa: Pagsusuri sa Kontemporaryong Panitikang Filipino. University of the Philippines

Delgado, J. P. (2022). Satires and Social Scrutiny: The Flash Fiction of Eros Atalia. De La Salle University

Lim, S. K. (2025). Ang Pamilya at Indibidwal sa Dagli: Isang Sosyolohikal na Pagsusuri. Ateneo de Manila University

**C. Dyornals/ Magasins/ Peryodikals**

Adaya, J. (2021). Politika ng sandali sa #dagli19: Ang naratibo ng lockdown sa mga online flash fiction. Malay: Journal of Filipino Language, Literature, and Culture, 35(2), 1-20.

Cruz, L. A. (2023). Dagli: Ang Sining ng Pagpapaikli at Pagpapalalim. Dalumat ng Wika at Kultura, 7(1), 45-62.

Divina, A. (2023). Understanding Social Classes in the Philippines.

Manalusa, M. (2021). Kahalagahan ng Apat na Makrong Kasanayan sa Pagkatuto ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. La Consolacion University Philippines

Pineda, J. (2022). The Philippine Working Class: The Backbone of the Economy. HubPages.

Respicio & Co. (2023). Workplace Harassment and Intimidation in the Philippines. Respicio & Co.

Siy, B. (Ed.). (2021). COVIDagli: Mga dagli sa panahon ng pandemya. Isang Balangay Media Productions.

Valenzuela, J., Narito, R, R., Asor, N., & Onsay, E. (2023). Comprehensive Poverty Evaluation of Rural

**D. Mga Legal na Dokumento**

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987

Curriculum Guide ng Filipino 10 (DepEd, 2016)

DepEd Order No. 42, s. 2017 (Policy Guidelines on Daily Lesson Preparation)

Republic Act 10533 o *Enhanced Basic Education Act of 2013*

Republic Act 10066 o *National Cultural Heritage Act of 2009*

**E. Elektronikong Sanggunian**

https://www.adb.org/where-we-work/philippines/poverty

https://www.dlsu.edu.ph/wpcontent/uploads/pdf/research/journals/malay/t mo-35/2/7

https://ncca.gov.ph/wp-content/uploads/2023/04/BOOK-PROSE NARRATIVES

https://www.philnew.phISYUNG PANLIPUNAN - Kahulugan At Halimbawa Ng Isyung Panlipunan

Flash fiction - Wikipedia, ang malayang ensiklopedya